## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 98-010

**KAPASIYAHAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG Y.M.C.A. NA MAGLAGAY NG "DONATION BOX" SA MGA SINEHAN NA NASA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

* * * * * * * * * * * * *

Ipinanukala nina : **Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

* * * * * * * * * * * * *

**SAPAGKAT,** ang Y.M.C.A., sa pagdiriwang ng Taong Sentinyal, ay pinasinayahan ang isang National Campaign na tinatawag na **"PISO PARA SA KABATAAN";**

**SAPAGKAT,** ang layon ng proyekto ay tustusan ang iba't-ibang programa tulad ng "youth development and community outreach, establishment and development of a Y.M.C.A. National Work Campsite, finance its infrastructure requirements, strengthen local Y.M.C.As', and organize more local Y.M.C.A's throughout the country";

**SAPAGKAT,** upang maisakatuparan ang mga nabanggit na programa at proyekto, ang Y.M.C.A. ay humingi ng tulong sa iba't-ibang Pamahalaang Lokal sa Kalakhang Maynila, na pahintulutan na dagdagan ng Piso ang kanilang singil sa bawat manonood;

**SAPAGKAT,** ang halaga na hinihingi ay nasa uri ng **"Amusement Tax"** na itinakda sa ilalim ng kapangyarihan ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** batay sa Republic Act 7426, o batas na lumilikha sa Lungsod ng Muntinlupa, ang Pamahalaang Lungsod ay binabawalan na magtakda ng karagdagang buwis sa loob ng limang (5) taon matapos mapagtibay ang nasabing batas;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa upang matulungan ang Y.M.C.A. sa mabuting hangarin ay nagpasiya na pahintulutan ang Y.M.C.A. na maglagay ng "DONATION BOX" sa mga sinehan na nasasakupan ng lungsod sa loob ng anim (6) na buwan mula sa kanilang paglalagay nito;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na pahintulutan ang Y.M.C.A. na maglagay ng "DONATION BOX" sa mga sinehan na nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa;

**PINAGPASIYAHAN PA,** na ipabatid sa Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Lisensiya at Pahintulot, ang paglalagay ng nasabing "DONATION BOX";

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI,** na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang **KGG. HUKOM EMILIO A. GANCAYCO,** Tagapangulo ng National Fund Campaign ng Y.M.C.A. , at Tagapangulo ng Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Kalakhang Maynila.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **24 Agosto 1998** sa kanilang **ika-walong** (8th) **Regular na Sesyon.**

**SINANG-AYUNAN:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
Konsehal

**VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**ELMER S. ESPELETA**
Konsehal

**BAL NIEFES**
Konsehal

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
Konsehal

**LUCIO B. CONSTANTINO**
Konsehal

**MARIO E. BULAY, JR.**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**



**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panlungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa: 1-14-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196